# Ang Inyong Anak ay Naglalaro... Tumutuklas… Natututo

# Ang Inyong Anak at Maagang Kaalaman

Ang *Play at Exploration:*
*Early Learning Program Guide o*
***Laro at Pagtuklas: Gabay sa Maagang Kaalaman***
ay nilikha ng Ministri ng Edukasyon upang makatulong sa maagang kaalaman ng inyong anak na nasa gulang bago pumasok sa pormal na pag-aaral. Ang mga nangangalaga sa mga programa para sa mga Pre-K at preschools ay hinihikayat na gamitin ang gabay na nabanggit upang lalong mapaunlad ang kakayahan ng batang matuto.

## Pag-aaral sa Paraan ng Paglalaro

Ang *Gabay sa Maagang Kaalaman* na inihanda ng Ministri ng Edukasyon ay tumututok sa pag-aaral sa paraan ng paglalaro. Ipinakikita ng mga pananaliksik na ang mga bata ay pinakamabilis na natututo sa paglalaro, at ang paglalaro ay nakatutulong sa paghasa ng mga kakayahang kakailanganin ng mga bata sa paaralan, sa kanilang pagbuo ng mga relasyon, at kakayahang maunawaan ang iba. Sa pamamagitan ng paglalaro, natututo ang inyong anak na:

- makipag-kaibigan;
- makinig at maunawaan ang isang mensahe o ideya;
- magbigay ng mga ideya at damdamin;
- kumilos nang angkop sa iba't ibang sitwasyon;
- pagtuunan at panatilihin and atensyon sa isang aktibidad;
- lutasin ang mga problema; at,
- masiyahan sa pag-aaral ng pagbabasa’t pagsusulat, agham at matematika.

Ang mga bata ay maraming natututunang mga kasanayang sosyal, emosyonal, pisikal at intelektwal habang naglalaro, mag-isa man o may ibang kalaro. Sa paglalaro, ang mga bata ay natututo at nasasanay na kumilos at mag-isip na ayon sa iba’t-ibang grupong kaniyang kinabibilangan. Kasama sa maituturing paglalaro ang pagpapanggap, paglikha, pangangatuwiran at paglutas ng problema.

## Ano ang maaari ninyong makita sa mga programang nakatutulong sa pag-aaral ng inyong anak?

- mga nakapupukaw-interes na materyales tulad ng buhangin, tubig, *clay*, mga bloke, *pinecones* at mga dahon, na maaring paggamitan ng inyong anak ng kaniyang iba't-ibang pakiramdam – paningin, pandama, panlasa, pang-amoy at pandinig.

- ang inyong anak na masaya at ligtas na naglalaro, nagpapanggap, at nagsisiyasat sa pamamagitan ng:
    - pagbibihis
    - pagbabasa ng mga libro
    - pag-uukol ng panahon sa kalikasan
    - pagmamartilyo ng mga pako
    - pagguhit
    - pakikipag-usap

- ang inyong anak na nagiging malikhain at paminsan-minsa'y di maiiwasang marumihan habang nagpipinta, naghuhukay, umaakyat at bumubuo ng mga bagay-bagay

- mga pagkakataon na ang inyong anak ay naglalaro at nagtutuklas ng iba't-ibang bagay na mag-isa, na may kasamang ibang mga bata, o bilang bahagi ng isang mas malaking grupo na pinangungunahan ng mas nakakatanda.

Pagpapalago ng Interes sa mga Bata

Kapag ang mga bata ay nakatagpo ng isang bagay o gawain na nakapukaw sa kanilang interes, mas mabilis silang natututo at mas madali nilang natatandaan kung anuman ang kanilang natutunan.

Ang mga batang pumipili ng kani-kanilang uri ng laro ay madaling nahahasa sa kanilang kasanayan sa paggawa ng mga desisyon, paglutas ng mga problema at pakikipag-usap sa iba.

Sa paghahasa ng kani-kanilang mga katanungan at pagiging mausisa, pinalalago ng mga nagtuturo ang kaalaman sa wika at ang kumplikadong kaisipan ng mga bata.

Kapag gusto ng mga bata ang isang paksa, maari silang mag-focus at maging handang matuto ng mga pangunahing ideya sa pagbabasa't pagsusulat, agham at matematika.

## Ano ang maaari ninyong makita sa mga programang nakatutulong sa pag-aaral ng inyong anak?

- mga batang pumipili ng mga laruan at ng kaniyang mga kalaro
- mga tagapagturo na nagpaplano ng mga aktibidades sa pag-aaral na isinasaalang-alang ang interes ng mga bata
    - halimbawa, ang pag-uusisa ng mga bata tungkol sa bahay ng kanilang mga kaibigan ay maaaring humantong sa isang proyekto sa photography at pagguhit
- mga tagapagturo na nakikipag-ugnayan sa mga maliliit na grupo ng mga bata upang mapabuti ang kanilang paglalaro
    - halimbawa, ang tagapagturo ay kumakatok sa "pinto" ng bahay upang tanungin kung makararating siya para sa hapunan
- mga tagapagturo na sumasagot sa mga tanong ng mga bata at tumutulong sa pag-unawa ng mga bagong ideya
    - halimbawa, pagtuklas kung bakit mas mabilis ang mga kotse sa mga matarik na rampa
- mga tagapagturo na tinitiyak na nauunawaan ng mga bata kung paano ligtas na gamitin at pahalagahan ang mga kasangkapan at materyales

### Pagpapakita ng Kaalaman ng Bata

Ang mga pamilya at tagapagturo ay mas makakapagplano nang mabuti para sa mga bagong kaalaman ng mga bata kung nakikita at nauunawaan nila kung anu-ano ang mga bagay na alam na ng bata. Ang ilan sa mga paraan upang matukoy ng mga pamilya at tagapagturo ang kaalaman ng mga bata:

- tingnang mabuti ang mga ginuguhit o pinipinta o nililikha ng bata;
- pakinggan ang mga sinasabi ng mga bata habang ipinahahayag ang kanilang mga ideya; pagmasdan kung paano maglaro at ano ang pinaglalaruan ng bata;
- pansining mabuti kung paano nakikipaglaro ang mga bata sa iba.

Hikayatin ang mga bata na pag-usapan kung anuman ang kanilang natutunan kasama ang kanilang kaibigan, pamilya at tagapagturo. Nakatutulong ito na mas mabilis matuto ang mga bata.

## Ano ang maaari ninyong makita sa mga programang nakatutulong sa pag-aaral ng inyong anak?

- mga larawan na may nakasulat na deskripsyon ng mga karanasan ng mga bata sa kanilang pag-aaral
- mga likha ng mga bata tulad ng kanilang mga ginuhit, mga pinintang larawan, mga likhang gamit ang clay, sa halip ng pagpapakita ng mga display ng mga katulad na likha
- mga bata at mga nakatatanda na magkasamang nagbabahagi ng karanasan sa pag-aaral, at kapwa natututo sa bawat isa

Ang maingat na pagpapakita ng mga nilikha ng mga bata ay nakatutulong sa kanila upang lalo nilang pag-isipan ang kanilang mga natutunan at kanilang maunawaan na ang kanilang mga ideya at mga ginawa ay pinahahalagahan.

## Ano ang maaari mong gawin sa inyong tahanan?

Maaaring kayo ang maging paboritong kalaro ng inyong anak.

Hikayatin ang paglalaro ng inyong anak na gamit ang imahinasyon at paggaya ng iba sa pamamagitan ng pagsali at pakikipaglaro sa kaniya:

- Maaaring kayo ang gumanap na dump truck driver, beterinaryo na sumusuri sa isang asong may sakit, doktor na sumusuri sa isang sanggol o, magulang na nagdadala ng sanggol sa doktor.
- Hayaan ninyong ang inyong anak ang manguna sa inyong paglalaro. Maaari ninyong pakinggan at sundin ang kanilang mga ideya.
- Upang mapaunlad ang kaalaman sa wika ng inyong anak, ulitin ninyo ang mga salitang kaniyang binibigkas habang nagdagdag ng mga bagong ideya o mga bagong salita upang mapalawak ang kaniyang pag-aaral. Tanungin niyo sila ng mga katanungang nangangailangan ng paliwanag kung "paano" o "bakit."

Gumamit ng kartong kahon upang makagawa ng isang laruang kamalig na puwedeng paglagyan ng maliliit na laruang plastik na hayop. Maaari ring gawing laruang garahe ang kahon, kung saan kunyari'y nakaparada ang mga laruang sasakyan. Maaaring may iba pang maisip na mga ideya ang inyong anak.

- Ang mga larong gaya nito ay nagbibigay ng pagkakataon sa inyong anak upang makapagsanay sa pagbibilang (ang bilang ng mga baka, ang bilang ng mga kotse na maaari magkasya sa garahe) o sa pagbibigay ng pangalan sa mga kulay (nauuna ang bahay na kulay tsokolate, tanging ang pulang trak lamang ang maaaring iparada sa garahe).

### Ipakita sa inyong anak na ang kanyang ginawa ay mahalaga.

Maghanap ng espesyal na lugar sa inyong tahanan gaya ng isang dingding o di kaya'y sa harap ng refrigerator, kung saan maari ninyong ipakita sa iba ang mga nilikha ng inyong anak tulad ng kaniyang mga guhit, pinintang larawan, at pinag-sama-samang larawan.

- Kausapin ninyo ang inyong anak tungkol sa kanyang mga likha. Pag-usapan ninyo kung ano ang ipinakikita ng mga iginuhit niya at kung paano niya ito nagawa. Maaari ninyong simulan ang inyong pag-uusap sa ganitong paraan: "Nakita ko na ginuhitan mo ang bahaging ito ng maraming kulubot na asul na linya. Ikuwento mo naman sa akin ito."

Iba pang mga Ideya

2010legaciesnow.com/leap_bc/ May LIBRENG resources
na may 40 na aktibidades na puno ng masasayang pag-aaral na nagsusulong ng mga pisikal na aktibidades, mainam na mga pagkain, at nakatuon sa maagang pag-unlad ng wika sa pamamagitan ng mga rhymes, kanta at mga kwento.

parentsmatter.ca ay nag-aalok ng isang buklet na tinatawag na "Why Play" pati na rin
ang serye ng mga handout na madaling basahin at maisalin sa iba't-ibang wika.

child-encyclopedia.com/en-ca/key-messages-list.html
ay tungkol sa ilang serye ng mga maikling babasahin para sa magulang kabilang ang "Child's Play."

Para sa karagdagang impormasyon sa *Play and Exploration:*
*Early Learning Program Guide,* pumunta sa
www.education.gov.sk.ca/ELCC